



Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan- Modyul 4:
## Ang Pinanggalingan ng mga Produkto at Industriya ng Kinabibilangang Lalawigan



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Ikaapat na Markhan – Modyul 4: Ang Pinanggalingan ng mga Produkto at Industriya ng Kinabibilangang Lalawigan**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Gumawa at Sumulat ng Modyul**

**Manunulat:** Aileen B. Regañon
**Editor:** Vilma C. Velasco
**Tagasuri:** Vilma C. Velasco
**Tagalapat:** May D. Olavides
**Tagapamahala:**
Virgilio P. Batan Jr. -Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan -Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero -Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien -Chief Education Supervisor, SGOD
Ronillo S. Yarag -Education Program Supervisor, LRMS
Monina R. Antiquina - Education Program Supervisor Araling Panlipunan
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMDS
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX, Dipolog City Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5819
E-mailaddress:dipolog.city@deped



# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaalaman. Layunin nitong matulungan ka upang malalaman at matatalakay ang pinanggalingan ng mga industriya at produkto ng kinabibilangang lalawigan at rehiyon. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na maaari itong gamitin sa iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ang wikang ginamit ay angkop sa magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag – aaral. Ang aralin ay inayos ayon sa tamang pagkakasunod – sunod ng mga paksa na makikita sa aklat.

Pagkatapos mapag – aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang

- matalakay ang pinanggalingan ng produkto ng kinabibilang ang lalawigan



# Balikan

Panuto: Basahing mabuti ang bawat katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Tingnan ang larawan sa ibaba, anong likas na yaman ang makukuha dito?



A. ginto, uling  C. bato, tanso
B. bato , bakal  D. uling , bato

2. Anong lalawigan ang pangatlo sa may pinakamasaganang pangisdaan sa buong bansa?
   A. Aamboanga Sibugay  C. Zamboanga del Sur
   B. Zamboanga del Norte  D. Zamboanga City

3. Bakit sagana sa kahoy at tabla na ginagamit sa paggawa ng bahay, muwebles at iba pa ang lalawigan ng Zamboanga del Sur? Ito ay dahil ______________________.
   A. may malawak na kapatagan na abunda sa punong kahoy.
   B. sa mga malalaking punong kahoy sa talampas at lambak.
   C. maraming nalalakihang puno sa lahat ng sulok ng lalawigan.
   D. malawak na kagubatan na sagana sa matataas na uri ng punong kahoy.

4. Alin sa mga yamang dagat ang sagana sa rehiyon ng Zaboanga del Norte?
   A. isda, korales at perlas  C. korales, sigay at lato
   B. perlas, sigay at guso  D. kabibe, isda at korales

5. Paano nabubuhay ang mga taong naninirahan sa lalawigan ng Zamboanga Sibugay? Ito ay sa pamamagitan ng _______________________.
   A. pagtatanim ng gulay at prutas.
   B. pagsasaka ng palay , mais at kopra.
   C. pagmimina ng ginto, chromite at uling.
   D. pamimingwit ng isda at pangunguha ng korales at perla



## *Tandaan*

Dapat nating ingatan at palaguin ang mga likas na yaman ng ating rehiyon upang magkaroon ng maunlad at masaganang pamumuhay ang mga tao sa panghabang panahon.

| Aralin 4 | **Pinanggalingan ng Mga Produkto at Industriya ng Kinabibilangang Lalawigan at Rehiyon** |
|---|---|



# Tuklasin

**Panuto**: Basahin ang tula.

Zamboanga Peninsula( Rehiyon IX )

Ang ating rehiyon, may tatlong lalawigan.
Zamboanga del Norte, del Sur at Sibugay.
Halina't mangisda, tayo na sa Zanorte .
Mamingwit ng isda, perlas at kabibe.

Malawak na kagubatan, sa Zamboanga del Sur.
Malalaking punongkahoy, palay,mais at gulayan.
Tayo ng magmimina, sa Zamboanga Sibugay.
Chromite, ginto at uling, iyong mahuhukay .

**Panuto**: Sagutin ang mga sumusunod. Isulat ang sagot sa patlang.


1. Ang ating rehiyon ay tinatawag na ________________________________________
2. Anu-anong lalawigan ang nabanggit na kabilang sa ating rehiyon?
   _______________________ _________________________ _____________________
3. Magbigay ng mga industriyang ikinabubuhay ng mga tao sa bawat lalawigan?
   ______________________________________________________________________________
4. Anu-anong mga produkto ang pinagkikitaan ng mga tao sa bawat lalawigan?
   ________________________________________________________________________



# *Suriin*

Anong industriya kaya ang nagpapatanyag sa bawat lalawigan ng ating rehiyon? Saang lalawigan kaya ng ating rehiyon nanggaling ang mga produktong iyong ginagamit at nagustohan?

Suriin ang mga larawan.



Ano ang masasabi mo sa mga larawan? Bakit? ___________________________
__________________________________________________________________________

**Panuto**: Basahing mabuti ang dialogo sa ibaba nina Loreen at Allan.

**Industriya at Produkto ng Rehiyon IX**

**Allan**: Alam mo ba na sagana sa likas na yaman ang ating rehiyon sa Zamboanga Peninsula? Pinagkukunan ito ng mga hilaw na materyales na ginagamit sa paggawa ng maraming produkto na nakakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya sa mga lalawigan , pagkain at kita ng mga tao.

**Loreen**: Opo! Pagsasaka at pangingisda ang pangunahing ekonomiya sa rehiyon natin. Pangunahing kabuhayan ng mga tao ang pagtatanim ng goma, abaka, niyog saging, mais at iba pa. Malaking bahagi din ang pangingisda ng tuna, sardinas, at dilis na nagmula sa Sibugay, Dumanguillas, Maligaya, Pagadian, at karatig bayan.

**Allan:** Tama! Pinagkakakitaan din ang paggawa ng ng bangka at mga Produktong palamuti mula sa kapis at sigay.

**Loreen**: Nahahati sa tatlong lalawigan ang ating rehiyon. Na may kanya-Kanyang industriya at produkto.

**Allan**: Tama ka dyan. Una ay ang Zamboanga del Norte na may pangunahing industriya sa pangingisda. Ang produkto ng lalawigan na ito ay kabibe, korales, perlas, isda , at agar-agar. May palay, mais, gulay at prutas ding naani dito na iniluluwas sa ibang lalawigan at bansa.

**Loreen**: Ganon po ba? Pero di pahuhuli din ang Zamboanga del Sur. Ang Lalawigang. Ito ay napoproseso ng langis ng niyog at mga pagkain. Nag-aani din ng mais, palay, at paggawaan ng mga muwebles dahil sa maraming punongkahoy sa kagubatan.

**Allan:** Naku! Di rin pahuhuli ang Zamboanga Sibugay na may pangunahing industriya sa pagsasaka. Mga produktong palay, prutas, mais, at gulay. May mina din dito na nahuhukay gaya ng karbon, ginto at chromite.

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Ilang lalawigan ang bumubuo sa ating rehiyon? ________________________
2. Anu-anong industriya o hanapbuhay ang nagpaunlad sa bawat lalawigan at ng mga mamamayan dito?

| Lalawigan | Industriya |
|---|---|
| ________________________ | ________________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |

3. Anu-anong mga produkto ang mabibili mula sa iba't ibang lalawigan?
______________________________________________________________________



# Pagyamanin

**Panuto:** Sagutin ang graphic organizer ng maayos. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| pagsasaka, | pangingisda, | pagtotroso, | pagmimina, | palay, | prutas, | | |
| gulay, | mais, | tabla, | muwebles, | kahoy, | chromite, | tanso, | uling, |
| ginto, | korales, | perlas, | kabibe, | agar-agar, | guma, | niyog, | abaka, |
| saging, | karbon, | kapatagan, | kagubatan, | kabundukan , | isda | | |

| Lalawigan | Kapaligiran | Industriya | Produkto |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |



# *Gawain*

**Panuto**: Isulat ang titik **T** kung ang mga ipinahayag ay Tama at **M** naman kung **Mali**. Isulat ang sagot sa patlang.

_____1. Pagmimina ang pangunahing industriya ng Zamboanga del Norte.
_____2. Pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng Rehiyon IX.
_____3. Palay, mais, agar-agar at isda ang mga produkto sa Zamboanga Sibugay.
_____4. Paggawaan ng muwebles at pagpro-proseso ng pagkain ang industriya ng Zamboanga del Sur.
_____5. Ang mga industriya ng Zamboanga Sibugay ay ang agrikultura o pagsasaka at pagmimina. Kaya sila ay may produktong palay, ginto at uling.



# *Isaisip*

**Panuto:** Piliin sa kahon ang mga salitang bubuo sa konseptong ipinapahayag.

| |
|---|
| pagsasaka palay mais isda korales perlas pagmimina |
| pagtotroso mewebles bahay pangingisda uling ginto |
| iron, Zamboanga del Norte Zamboanga del Sur |
| Zamboanga Sibugay |

1. _______________ang pangunahing industriya ng Zamboanga del Sur. Ang lalawigang ito ay may produktong ____________ at _____________ .

2. _________________ _________________ at __________________ ang mga produkto ng Zamboanga del Norte ______________________ ang pangunahing hanapbuhay dito.

3. Ang lalawigan ng ___________________________ ay may industriya ng pagmimina. Nahuhukay dito ang mga _________________ at _______________.



# Tayahin

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.


___ 1. Ano ang pangunahing industriya sa lalawigan ng Zamboanga del Norte?
- A. pagsasaka  C. pangingisda
- B pagmimina  D. pagtotroso

___ 2. Alin sa mga sumusunod ang produkto ng lalawigan ng Zamboanga Sibugay?
- A. isda, korales at perlas  C. kabibe, sigay at susong dagat
- B. uling, ginto at chromite  D. isda, prutas at kapis

___ 3. Alin dito ang mga produkto ng lalawigan ng Zamboanga del Sur ?
- A. palay, mais, gulay at muwebles
- B. kahoy, isda, muwebles at gulay
- C. muwebles, ginto, uling at perlas
- D. prutas, mais, karbon at isda

___ 4. Si Loreen ay nagpunta sa Siyudad ng Dipolog sa lalawigan ng Zamboanga del Norte. Anu-anong mga produkto ang kanyang mabibili doon?
- A. isda, agar-agar, sardinas at gulay
- B. kabibe, mais, ginto at karbon
- C. prutas, isda, muwebles at ginto
- D. pilak, tanso, perlas at palay

___ 5. Tingnan ang kapaligirang ito. Anong industriya at produkto ang mayroon dito?



- A. pagtatanim ng gulay, palay, prutas at mais
- B. pagtotroso, paggawa ng mga muwebles at bahay
- C. pagmimina ng uling, bakal, ginto at tanso
- D. pangingisda ng isdang tilapiya at dalagang bukid



# Karagdagang Gawain

**Panuto**: Gumuhit ng isang poster na nagpapakita ng ibat-ibang industriya at produkto ng ating rehiyon mula sa ibat-ibang lalawigan.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1.a
2.b
3.d
4.a
5.c

**Tuklasin**

1. Zamboanga Peninsula Region
2. a. Zamboanga del Sur
   b. Zamboanga del Norte
   c. Zamboanga Sibugay
3. a. pangingisda
   b. pagsasaka
   c. pagtotroso
   d. pagmimina
4. a. Zambo. Sur-kahoy, palay, mais, gulay
   b. Zambo. Norte - isda, perlas, kabibe
   c. Zambo. Sibugay- Chromite, ginto, uling

**Suriin**

1. tatlo
2. pangingisda, pagsasaka, pagmimina, pagtotroso
3. isda, palay, mais,gulay, ginto, uling. etc

**Pagyamanin**

| Lalawigan | Kapaligiran | Industriya | Produkto |
|---|---|---|---|
| 1. Zamboanga del Norte | Karagatan Kabundukan | Pangingisda Pagsasaka | Isda, kabibe, perlas, agar-agar, palay, mais, gulay |
| 2. Zamboanga del Sur | Kabundukan | Pagsasaka | Mais, palay, pagproseso ng pagkain, muwebles |
| 3. Zamboanga Sibugay | Kabundukan | Pagsasaka Pagmimina | Palay, mais, prutas, karbon, ginto, tanso, chromite |

**Gawain**

1. M
2. T
3. M
4. T
5. T

**Isaisip**

1. pagsasaka
   muwebles
   palay
   mais
2. isda
   kabibe
   agar-agar
   pangingisda

3. Zamboanga Sibugay
ginto
uling

**Tayahin**

1. c
2. b
3. a
4. a
5. a

## *Sanggunian:*


Curriculum Guide
Araling Panlipunan Unang Edisyon 2017